Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, NOONG IKA- 9 NG PEBRERO, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ........... PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Forca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 032-T'2000

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG TAUNANG BADYET PARA SA TAONG ITO NG BARANGAY SAN PABLO NORTE, BAYANG ITO NA NAGKAKAHALAGA NG SIYAMNARAA'T SAMPUNG LIBO ANIMNARAAN SIYAMNAPU'T LIMANG PISO AT LABINDALAWANG SENTIMOS (P910,695.12).

**SAPAGKA'T**, iniharap at tunalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 154-T'99/Kautusan sa Paglalaan Blg. 3-T'99 ng Sangguniang Barangay ng San Pablo Norte na humihiling na pagtibayin ang badyet ng nabanggit na barangay para sa taong 2000;

**SAPAGKA'T**, ito ay dumaan na sa Pambayang Pinuno sa Badyet at inirekomendang pagtibayin ng Lupon sa Pananalapi ng Kgg. Sangguniang Bayan;

**SAPAGKA'T**, anuman ang gawing pagbabago at paglalabas ng pondo ay nasa pananagutan ito ng Sangguniang Barangay ng San Pablo Norte;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Edgardo T. Forca, Ricardo B. Ramirez at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na pagtibayin ang taunang badyet para sa taong ito ng Barangay San Pablo Norte, bayang ito na nagkakahalaga ng P910,695.12.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Manananggol at Sangguniang Barangay ng San Pablo Norte, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan